# Buod ng Tulong Pinansyal ng CHOC

Nakatuon ang Children's Hospital Orange County sa pagbibigay ng may kalidad na agaran at kinakailangang medikal na pangangalaga sa lahat ng pasyente anuman ang pinansyal na kalagayan ng pasyente. Kung wala kang insurance para sa pangangalagang pangkalusugan, maaari kang maging kwalipikado sa isa sa mga plano sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan o maaari kang maging kwalipikadong bumili ng insurance sa pamamagitan ng Covered California Health Exchange. Makakakuha ng impormasyon tungkol sa pagsaklaw ng insurance mula sa mga sumusunod: www.coveredca.com. May mga sinanay na indibidwal din ang Covered California upang tumulong sa iyo sa pag-aaplay para sa pagsaklaw. Para sa tulong, makipag-ugnayan sa Children's Health Initiative of Orange County 1505 E 17th St Suite 121 Santa Ana, CA 92705, Numero ng telepono: 714 619-4050. Narito ang Financial Counselor sa CHOC upang tumulong sa iyo sa impormasyon tungkol sa pagiging kuwalipikado para sa mga programa ng estado gaya ng Medi-Cal at CCS. Tumawag sa 714 509-4981.

Ang mga pasyenteng nakakatugon sa itinakdang pamantayan ng FAP ay maaaring maging kwalipikado para sa 50% hanggang 100% na bawas sa kanilang bayarin sa CHOC. Ang mga pamilyang napatunayang nasa 400% o mas mababa ng Mga Limitasyon ng Kahirapan ng Pederal (Federal Poverty Limits, FPL) ay makakatanggap ng 100% bawas sa kanilang bayarin sa CHOC. Sa pagbibigay ng pangangalagang pangkawanggawa, hinihilingan ng batas ang CHOC Children's na isaalang-alang ang mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa emergency o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal ("Karaniwang Sinisingil na Halaga" (Amounts Generally Billed) o "AGB") at upang igarantiya na ang mga pasyenteng tumatanggap ng pangangalagang pangkawanggawa ay hindi sisingilin nang higit sa AGB para sa iba pang mga kinakailangang serbisyong medikal.

Ang pinakabagong inilathalang Mga Limitasyon ng Kahirapan ng Pederal ay gagamitin sa pagsusuri sa isang pamilya kung kwalipikado para sa Plano ng Tulong Pinansyal ng CHOC. Maaaring kailanganin ang dokumentasyong pampinansyal, gaya ng kasalukuyang mga rekord ng tax return, beripikasyon ng kita, pati na rin ang mga bank statement upang matukoy ang pagiging kwalipikado.

Puwedeng humingi ang mga pamilya ng kopya ng aplikasyon para sa CHOC FAP sa English, Arabic, Farsi, Korean, Mandarin, Somali, Spanish, Tagalog, o Vietnamese sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Pagbabayad ng Pamilya ng CHOC sa 714 509-8600. Maaaring tumulong ang kinatawan ng Sentro ng Pagbabayad ng Pamilya sa pagpapaliwanag ng proseso kung paano punan ang aplikasyon ng FAP. Maaari ding makakuha ng aplikasyon ng CHOC FAP ang mga pamilya sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng CHOC Children's sa CHOC.org.